

## Ulat ng Kaalaman sa Pagsulong ng Mag-aaral sa Baitang 4

Ang mga mag-aaral ay tinatasa batay sa kanilang nagagawang mga kakayahan, pamaraan, at kasipan sa antas na baitang na nakasaad sa mga pamantayang ipinatutupad ng California.

Ang mga marka para sa bawat panahon ng pag-ulat ay nagpapahiwatig ng pagsulong ng mag-aaral tungo sa mga inaasahan.

### Ang Magagawa sa English Language Arts

#### Pagbasa:

##### Panitikan

- Gumagamit ng karunungan sa mga elemento ng panitikan (pagbuo ng tauhan/layunin, paksa), balangkas ng salaysay (mga tula – talata, ritmo, metro; drama – tauhan, diyologo, direksiyon sa entablado), wika sa panitikan (wika na hihila sa mga pangunahing tauhan sa mitologiya), at gawa ng maykatha (pinipiling salita, detalye at mga halimbawa) upang mag-isip, magsalita, at sumulat ng tungkol sa kahulugan ng mga talata batay sa mga katibayan.
- Naghahambing at nagtatalo sa pagsasagawa ng magkakaparehong tema, pananaw, at mga paksa sa buong talata.
- Bumabasa ng malawak na magusot na mga talata ng sarili at maingat kabilang ang mga kuwento, alamat, at tradisyonal na panitikan mula sa magkakaibang kultura.

##### Talatang Nagbibigay-kaalaman

- Gumagamit ng mga katangian ng talatang nagbibigay-kaalaman (mapa, mga larawan), naghahanap ng mga kasangkapan (mga salita, sidebars, hyperlink), balangkas ng talata (naghahambing, dahilan/ibinunga, pagkakasunod), gawa ng maykatha (piniling mga salita, pananaw) upang mag-isip, magsalita, at sumulat tungkol sa kahulugan ng mga talata batay sa mga katibayan.
- Bumabasa ng mahabang magusot na mga talata ng nag-iisa at buong husay kabilang ang history/social studies, science, digital, at mga talatang teknikal.

#### Pagsulat: Pirapirasong Kaisipan, Talatang Nagbibigay-alam/Nagpapaliwanag, at mga Salaysay

- Sumusulat ng maayos at mahusay na mga talata na karapatdapat sa gawain, layunin, at tagapakinig.
- Bumubuo at nagpapalakas ng pagsulat sa pamamagitan ng pagpapalano/pagsaliksik, pagbabago, pag-aayos, at paglathala.

#### Pagsalita at Pakikinig

- Naghahanda sa at sumasali sa mga pinagtutulungang pag-uusap upang mapalawak at mabigyang kahulugan ang mga talata, kaisipan, at kaalaman sa maraming pangyayari at maraming pagsasamahan.
- Gumagamit ng mahusay na mga salita at nararapat sa pormal at impormal na pag-ulat sa mga talata at mga paksa.

#### Wika

- Gumagamit ng nararapat sa baitang na balarilang Standard English (karaniwan at di-karaniwang mga pandiwa at pangngalan; simple, tambalan at magusot na mga pangungusap), mga pamantayan (malalaking titik, pagtuldok pagbaybay), at pinag-aaralang wika upang suportahan ang pagbasa, pagsulat, at pagsalita.
- Kinikilala ang kahulugan ng hindi kilala at maraming kahulugan ng mga salita sa paggamit ng maraming pamaraan (nilalaman, panlaping Greek at Latin, mga sangguniang materyal).

#### Mga Kakayahang Batayan

- Gumagamit ng mabuti at mahusay na kakayahan sa pagsusuri ng salita (morphology, syllabication patterns) upang basahin ang mga sulat at tula sa antas na baitang nang tama at buong husay.
- **Mga Kakayahang Batayan- Spanish**  
Gumagamit ng mabuti at mahusay na mga kakayahan sa pagsusuri ng salita (morphology, syllabication patterns) upang basahin ang mga talata sa antas na baitang nang tama at buong husay. Nauunawaan kung kailan gagamit ng isinulat na punto.

### Ang Magagawa sa Mathematics

#### Pagsasagawa at Kaisipang Algebra

- Gumagamit ng apat na operations sa paglutas ng problema na gamit ay buong numero at kasagutang buong numero gayundin ang sa mga remainders.
- Nahahanapan ang lahat ng factor pairs para sa buong numerong namumula 1 – 100.
- Nagbibigay ng numero o shape pattern na sumusunod sa ibinigay na tuntunin.

#### Numero at Pagsasagawa Batay sa Sampu

- Bumabasa, sumusulat, at naghahambing ng multi-digit whole numbers.
- Nakikilala at gumagamit ng nauunawaang halaga ng lugar upang buuin ang multi-digit whole numbers sa alinmang halaga ng lugar.
- Mahusay na nagdadagdag at nagbabawas ng multi-digit whole numbers.
- Nagmu-multiply ng whole number hanggang 4 digits sa isang one-digit number at nagmu-multiply ng dalawang two-digit numbers; hinahanap ang whole-number quotients at remainders ng hanggang sa four-digit dividends at one-digit divisor na nagpapahayag at nagpapaliwanag ng kalkulasyon.

#### Numero at Pagsasagawa—Fractions

- Naghahambing ng dalawang fractions, sa paggamit ng tamang simbolo, na may magkaibang numerators at magkaibang denominators.
- Nauunawaang na ang fraction  $a/b$  bilang multiple ng  $1/b$ ; ay nagmu-multiply ng fraction sa whole number; lumulutas ng word problems.
- Lumulutas ng mga problemang kinabibilangan ng addition, subtraction, at multiplication of fractions.
- Nagpapahayag ng fraction na may denominator na 10 bilang equivalent fraction na may denominator 100 o isang decimal ginagamit ito upang magdagdag.
- Naghahambing ng dalawang decimals sa hundredths sa pangangatuwiran tungkol sa kanilang laki.

#### Sukat at Datos

- Alam ang mga laki ng yunit na sukat sa loob ng isang sistema ng mga yunit.

- Gumagamit ng apat na operasyon sa paglutas ng problemang pangungusap tungkol sa distansiya, dami ng tubig, laki ng mga bagay at pera (kabilang ang mga problemang pangungusap tungkol sa fraction o decimal).
- Gumagawa ng line plot upang ipakita ang data set sa fraction ng isang yunit at paglutas ng mga problemang kinapapalooban ng addition at subtraction ng fraction na gumagamit ng line plot.
- Kinikilala ang mga anggulo bilang geometric shapes na binubuo ng dalawang rays at ang anggulo ay sinusukat sa degrees at ang bawat degree ay  $1/360$  ng isang bilog; lumulutas ng mga problemang kinapapalooban ng addition at subtraction ng mga anggulo.

**Geometry**

- Gumuguhit ng mga points, lines, line segment, rays, angles, at perpendicular at parallel lines at kinikilala ang mga ito.
- Inuuri ang two-dimensional figures batay sa pagkakaroon o kawalan ng parallel o perpendicular lines; gumuguhit ng line of symmetry.

**Ang 8 Pamantayan ng Kaugalian sa Mathematics**

1. Gumagawa ng kaisipang mga problemang pangungusap at sinisikap na lutasin ang mga ito.
2. Pinag-iisipan at mahusay na nangangatuwiran.
3. Gumagawa ng makatuwirang pagtatalunan at binabatikos ang katuwiran ng kapuwa.
4. Bumubuo ng huwaran sa mathematics.
5. Gumagamit ng nararapat na kasangkapan sa tamang pamaraan.
6. Nakikinig sa tama.
7. Naghahanap at gumagamit ng balangkas.
8. Naghahanap at nagpapahayag ng karaniwang inuulit na pangangatuwiran.

**Ang Magagawa sa History/Social Science**

- Nagpapamalas ng pag-unawa sa mga physical at human geographic features na naglalarawan ng mga lugar at mga bahagi ng California.
- Naglalarawan ng panlipunan, politikal, kultura, at pangkabuhayan at pakikisalamuha ng mga tao sa California mula sa lipunan ng pre-Columbian hanggang sa panahon ng Spanish at Mexican ranch.
- Ipinaliliwanag ang pangkabuhayan, panlipunan, at politikong buhay sa California mula sa pagkakatatag ng Bear Flag Republic sa pamamagitan ng Mexican-American War, ang Gold Rush, at ang paggawa ng pagiging estado.
- Nauunawaan ang balangkas, tungkulin, at kapangyarihan ng local, estado, pambansang pamahalaang nakasaad sa Saligang Batas ng U.S.

**Ang Magagawa sa Agham (Science)****Physical Sciences**

- Nagdedesenyong at gumagawa ng electrical circuits at electromagnets; alam na ang electrical energy at magnetism ay mahalaga sa ating pang-araw-araw ng kabuhayan.

**Life Sciences**

- Nauunawaang ang mga bagay na buhay (organisms) ay kailangan ang pagkain at tubig upang mabuhay at lumaki.
- Nauunawaang ang mga bagay na buhay (organisms) ay nakadepende sa bawat isa at sa kanilang kapaligiran upang mabuhay.

**Earth Sciences**

- Nalalamang ang mga katangian ng bato at mineral ay may kinalaman ang prosesong bumuo sa mga ito.
- Nalalaman na ang alon, hangin, tubig at yelo ang humuhugis sa balat ng Mundo.

**Ang 8 Pamantayan ng Kaugalian sa Science and Engineering (na nakabalangkas sa Next Generation Science Standards) sa bawat antas na baitang:**

1. Nagtatanong (sa agham) at nagbibigay kahulugan sa mga problema (sa engineering).
2. Bumubuo at gumagamit ng mga modelo.
3. Bumabalangkas at nagsasagawa ng pagsisiyasat.
4. Sumusuri at nagbibigay-kahulugan ng datos.
5. Gumagamit ng kaisipang mathematics at nagko-compute.
6. Gumagawa ng pagpapaliwanag (sa agham) at bumabanghay ng mga kalutasan (sa engineering).
7. Sumasali sa pagtatalo mula sa katibayan.
8. Nagkakaroon, tumatasa, at nakikipag-ugnayan ng kalaman.

**Ang Magagawa sa Visual and Performing Arts****Sayaw, Tugtog, Teatro, Mga Sining sa Paningin**

- Sayaw: Nagpapamalas ng estilo at sayaw sa mundo.
- Tugtog: Kumakanta, naglalaro ng mga himig/kumukumpas; kinikilala ang mga instrumento/tunog.
- Teatro: Sumusulat ng skripto at gumaganap ng mga tagpo.
- Mga Sining sa Paningin: Gumagamit ng makataong kabahaginan, pagkakaiba at espasyo.

**Ang Magagawa sa Physical Education****Paggalaw at mga Huwaran**

- Nagpapamalas ng kakayahan sa paggalaw hal., paglukso, paghagis, pagsalo, pagsipa, pagsuntok, paghampas, paglingkod, pagdribel sa kamay/paa, pagkalong, at pag-volley.
- Ipinaliliwanag at inilalarawan ang mga pamaraang umaayon at dumedepensa.

**Physical Fitness**

- Sinusuri at ipinaliliwanag ang maraming elemento ng paggalaw na kabilang ang mga umaayong mga gawain.
- Gumagawa ng mga paggalaw para sa pagdagdag ng oras at talaang nagbabago sa aerobic capacity/muscular strength.
- Ipinaliliwanag ang mga prinsipyo ng tamang pangangatawan at pagkain.

**Ang Magagawa sa Kalusugan**

- Paglinang ng karunungan sa kalusugan sa pamamagitan: pagtanggap ng pansariling tungkulin sa panghabangbuhay na kalusugan; paggalang sa at pagtaguyod sa kalusugan ng kapuwa; ang pag-unawa sa proseso ng paglaki at pag-unlad; ibinigay na kaalaman ng paggamit sa mga kaalaman, produkto at paglilingkod na may kaugnayan sa kalusugan.

**Para sa English Learners: English Language Development (ELD)**

- Umaasa ang mga English learners na magiging marunong sa wikang English. Ang mga mag-aaral ay inaasahang sumulong ng isang antas ng karunungan sa wikang English bawa't taon. Ang mga antas ng karunungan sa wikang English ay nakasaad sa California ELD Standards.
- Ang Expected Overall Proficiency Level (OPL) ay tumutukoy sa pinakamababang inaasahan sa mag-aaral sa overall English language proficiency sa *katapusan ng kasalukuyang taon*, at batay sa unang antas ng karunungan sa wikang English ng mag-aaral sa pagpasok sa distrito.
- Isinulat na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa isinulat na pahayag ng mag-aaral (isinulat sa wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Binigkas na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa binigkas ng mag-aaral (pagsalita ng wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Ang pagsulong ay makikita sa paghahambing ng Isinulat at Binigkas na Pahayag para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat hanggang sa katapusan ng taong inaasahang OPL.